
8

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Kontribusyon ng Kabihasnang Klasiko sa Pag-unlad ng Pandaigdigang Kamalayan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP-8_Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Module – Self – Learning Modules**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Kontribusyon ng Kabihasnang Klasiko sa Pag-unlad ng Pandaigdigang Kamalayan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Mga Manunulat:** Elgemary S. Abata, Jerisse J. Parajes

**Mga Editor:** Filipina F. Meehleib, Lileth F. Oliverio, Alfe S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Dan Ralph M. Subla, Jirc Nadia S. Bargado Renato L. Latorre, Larry G. Morandante, Carlos C. Catalan, Jr., Fernando A. Dones, Jr.

**Mga Tagasuri:** Marino L. Pamogas, Joel P. Plaza, Leowenmar A. Corvera, Honorato D. Mendoza, Edwin G. Capon, Edwin C. Salazar, Fatima D. Notarte, Marina B. Sanguenza

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Paul Andrew A. Tremedal, Aldrin V. Ubas

**Mga Nangasiwa:** Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr., Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares, Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy, Venus M. Alboruto, Noemi D. Lim, Laarni C. Micayas

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600

Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Kontribusyon ng Kabihasnang Klasiko sa Pag-unlad ng Pandaigdigang Kamalayan

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mga mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang mga anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsasagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang mga mahahalagang datos tungkol sa kontribusyon ng kabihasnang klasiko sa pag-unlad ng pandaigdigang kamalayan. Ang kaalaman mo sa mga sinaunang kabihasnan ay mabisang hakbang upang iyong makilala at mapahalagahan ang mga naging ambag ng mga sinaunang kabihasnang ito.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtalakay tungkol sa **Pag-usbong at Pag-unlad ng mga Klasikal na Lipunan sa Europe** na nahahati sa sumusunod na paksa:

- Paksa 1- Ang Kontribusyon ng Greece
- Paksa 2- Ang Kontribusyon ng Roma
- Paksa 3- Ang Kontribusyon ng mga kabihasnan sa bansang Africa
- Paksa 4- Ang Kontribusyon ng kabihasnang Mesoamerica at South America
- Paksa 5- Ang Kontribusyon ng mga Pulo sa Pacific

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa kontribusyon ng mga pangyayari sa klasiko at transisyunal na panahon sa pagkabuo at pagkahubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa at rehiyon sa daigdig.

**Pamantayan sa Pagganap**


Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong ng pangangalaga sa mga natatanging kontribusyon ng klasiko at transisyunal na panahon na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa pamumuhay ng tao sa kasalukuyan.

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto**

- Naipapahayag ang pagpapahalaga sa mga kontribusyon ng kabihasnang klasiko sa pag-unlad ng pandaigdigang kamalayan. **(AP8DKT-IIf-8)**

**Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:**

- nasusuri ang kontribusyon ng mga kabihasnang klasiko sa pag-unlad ng pandaigdigang kamalayan;
- natutukoy ang mahahalagang ambag ng mga kabihasnang klasiko sa iba't ibang larangan;
- naiisa-isa ang mahahalagang kontribusyon ng kabihasnang klasiko;
- naipahahayag ang kahalagahan ng kontribusyon sa pag-unlad ng pandaigdigang kamalayan; at
- nakagagawa ng slogan at sanaysay sa pagpapahalaga ng kontribusyon ng mga kabihasnang klasiko.



# *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang binansagang dakilang historyador ng sinaunang Greece?
   A. Aristotle C. Thucydides
   B. Herodotus D. Xenophon

2. Alin sa sumusunod ang ambag ng Greece sa larangan ng arkitektura?
   A. Appian Way C. Colosseum
   B. Aqueduct D. Parthenon

3. Sinong mananalaysay ang may-akda ng tanyag na epikong "Iliad at Odyssey"?
   A. Aristotle C. Plato
   B. Homer D. Thales

4. Paano nakatulong ang heograpikal na lokasyon ng kahariang Mali at Songhai sa pag-unlad nito?
   A. Ang anyong-tubig na nakapalibot ay nakatulong sa pagsasaka.
   B. Ito ay tagapamagitan ng kalakalan ng ginto, asin, at iba pang produkto.
   C. Naging proteksiyon ang malawak na disyerto ng Sahara sa imperyo.
   D. Ang lokasyon ay nakatulong para labanan ang banta ng mananakop.

5. Bakit tinawag ng mga Kanluranin ang Africa na "dark continent"?
   A. Hindi nasisikatan ng araw ang kabuuan ng Africa.
   B. Itim ang kulay ng balat ng mga taong naninirahan dito.
   C. Nababalutan ang buong kontinente ng misteryo at kababalaghan.
   D. Matatagpuan dito ang malaking bahagi ng disyerto na may buhanging kulay itim.

6. Alin sa sumusunod ang pangunahing kabuhayan ng mga sinaunang tao sa Pasipiko?
   A. Pagmimina at pagtotroso
   B. Pagsasaka at pangingisda
   C. Pagtitinda at pangangalakal
   D. Paghahabi at paggawa ng palamuti

7. Bakit hinahangaan ang sinaunang kabihasnang Greece sa larangan ng arketiktura?
   A. Dahil mataas ang pamumuhay ng mga taga-Greece.
   B. Dahil makikita hanggang sa kasalukuyan ang kanilang kabihasnan.
   C. Dahil nakapagtatag ng pamayanan sa kabila ng mga hamon sa kapaligiran.
   D. Dahil nakagawa ito ng kamangha-manghang istruktura tulad ng Parthenon.

8. Anong kabihasnan ang naging makapangyarihan dahil sa kalakalan ng diyamante at ginto?
   A. Kabihasnang Africa
   B. Kabihasnang Mesoamerica
   C. Kabihasnang South America
   D. Kabihasnan ng mga Pulo sa Pasipiko

9. Alin sa sumusunod ang may pinakamaraming pulo?
   A. Austronesia C. Micronesia
   B. Melanesia D. Polynesia

10. Aling pangkat ang nagtaguyod ng kabihasnan sa Mesoamerica ang nasakop ng Espanyol?
   A. Aztec C. Maya
   B. Inca D. Olmec

11. Sinong pilosopo ang may akda ng "The Republic" na nagsilbing batayan ng pamahalaang Romano?
   A. Aristotle C. Socrates
   B. Plato D. Thucydides

12. Alin sa sumusunod ang tinaguriang isa sa mga tanyag na arkitektura ng bansang Roma?
   A. Acropolis C. Erectheion
   B. Colosseum D. Parthenon

13. Anong produkto sa Africa ang kasing halaga ng ginto na ginagamit sa pagpreserba ng pagkain?
   A. Asin C. Ivory
   B. Asukal D. Suka

14. Ano ang tawag sa "Diyos ng Araw" ng mga Aztec?
   A. Apollo C. Kulkulan
   B. Huitzilopoc D. Tuwa-tuwa

15. Bakit mahalaga ang kabihasnan na umusbong sa Mesoamerica?
   A. Naging sikat ang Mesoamerica sa iisang larangan.
   B. Maraming tumatak na pamanang Maya, Inca at Aztec.
   C. Hindi naging madali noon ang buhay ng sinaunang tao.
   D. Bukod-tangi ang mga kontribusyon ng taga South America.



# Balikan

**Gawain 1: Ang Aking Masasabi**

**Panuto:** Batay sa nakaraang modyul, magbigay ng katangiang taglay ng mga klasikong kabihasnan sa Africa, America, at mga Pulo sa Pacific. Punan ang nakahandang kahon. Gawin ito sa sagutang papel.

| **Aspeto** | **Africa** | **America** | **Mga Pulo sa Pacific** |
|---|---|---|---|
| Pamumuhay | | | |
| Paniniwala | | | |
| Heograpiya | | | |

Ano ang iyong mabubuong konklusiyon tungkol sa inyong mga sagot sa itaas?



# Tuklasin

**Gawain 2: Pasyal-Pasyal Muna**

**Panuto:** Tukuyin kung saang kontinente kabilang ang sumusunod na bansa. Ilagay ang iyong sagot sa nakalaang kahon at isulat ito sa sagutang papel.


| | | |
|---|---|---|
| Fiji | Guatemala | Solomon Islands |
| Mexico | Colombia | Kenya |
| Ghana | Kiribati | Argentina |
| Morocco | Chile | Venezuela |
| Sudan | Cook Islands | Mali |

| **Oceania** | **Africa** | **South America** | **North America** |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na makapaglakbay sa isa sa mga bansang nabanggit, saang bansa mo nais magpunta at bakit? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Gawain 3: Hula-Bira**

**Panuto:** Kilalanin ang mga taong may mahalagang kontribusyon sa iba't ibang larangan na makikita sa kahon.
Gawin ito sa sagutang papel.





# Suriin

Halina't ating suriin ang mga kontribusyon ng klasikal na kabihasnan sa Europa, America, at mga Pulo sa Pacific.

## Kontribusyon ng Greece

| Larangan | Ambag |
|---|---|
| Batas | Sa panahon ni Pericles umiral ang demokrasya. |
| Panitikan | Ang Iliad at Odyssey ay obra ni Homer. |
| Pilosopiya | • Tatlong Pilosopong Greek: Socrates, Plato at Aristotle ilan sa obra-maestra ay ang "The Republic" ni Plato, "Politics" ni Aristotle, at "Know Thyself" ni Socrates<br>• Ang kauna-unahang pilosopiya ay ipinakilala ni Thales ng Miletus. Ayon sa kaniya ang sandaigdigan ay nagmula sa tubig, ang pangunahing elemento ng kalikasan. |
| Arkitektura | Nakilala ang mga Greek sa kahanga-hangang mga templo na may tatlong natatanging estilo na *Ionian*, *Doric*, at *Corinthian*.<br><br>Halimbawa: Parthenon, isang marmol na templo sa Acropolis sa Athens. |
| Iskultura | • Pinakadakilang Greek na iskultor ay si Phidias ilan sa kanyang mga obra ay ang estatwa ni Athena sa Parthenon at ni Zeus sa Olympia.<br>• Colossus of Rhodes na gawa ni Chares, at Scopas na gawa ni Praxiteles ay parehong itinanghal na kabilang sa "Seven Wonders of the Ancient World". |
| Kasaysayan | • Si Herodotus ay "Ama ng Kasaysayan" na sumulat tungkol sa Kasaysayan ng Digmaang Greco-Persian.<br>• Si Thucydides, ang itinuturing na pinakadakila sa lahat ng mga Greek na historyador at siyang sumulat ng Kasaysayan ng Digmaang Peloponnesian. Ito ay patungkol sa tunggalian sa pagitan ng Athens at Sparta noong ika- limang siglo BCE. Ang kanyang gawa ay sinasabing kauna- unahang tala sa kasaysayan na mayroong pagsusuring pulitikal at moral sa mga patakarang ipinatutupad ng mga lungsod-estado. |

| | |
|---|---|
| Kasaysayan | • Nariyan din ang gawa ni Xenophon na Anabasis o Anabasis Kyrou (Ang Paglalakbay ni Cyrus) na patungkol sa mga bayarang sundalong Greek na nakipaglaban sa ngalan ng mga Persian na si Cyrus the Younger nang tangkain niyang kuhanin ang trono sa kanyang kapatid na si Artaxerxes II.<br><br>• Naglalaman ito ng mga kuwento tungkol sa pagmamartsa ng 10,000 sundalo mula Babylon patungong Euxine o Black Sea matapos magapi si Cyrus sa Labanan sa Cunaxa noong 401 BC. |
| Medisina | • Si Hippocrates ang "Ama ng Medisina" na kilala sa pagtataguyod ng medisina bilang agham at hindi bunga ng mahika. |
| Matematika | • Si Pythagoras ang nagpasikat ng doktrina ng mga numero. Kasama ang kanyang mga mag-aaral, ipinakilala nila ang Pythagorean Theorem na may malaking kontribusyon sa pag-aaral ng Geometry at Matematika. |

## Kontribusyon ng Roma

| **Larangan** | **Ambag** |
|---|---|
| Batas | Ang Batas ng Twelve Tables o sa wikang Latin na Lex XII Tabularum, ang kauna-unahang nasusulat na batas sa Roma noong 451-450 BC. Ito ang nagbigay ng pantay na karapatan sa mga Plebeian (karaniwang tao) at Patrician (mayayaman). |
| Panitikan | Lucius Livius Andronicus, ang nagtatag ng epikong patula at drama sa Roma. Ang kanyang pangunahing gawa ay ang Odyssia, ito ang pagsasalin ng gawa ni Homer sa wikang ng mga Romano at ginamit bilang isang aklat sa paaralan.<br><br>Plautus, ang dakilang Romano pagdating sa pagsulat ng dula at komedya. Ang kanyang mga gawa ay halaw mula sa mga dulang Greek.<br><br>Terence o si Publius Terentius Afer, ang sumunod sa yapak ni Plautus at ang may akda ng anim na komedya at kinilala bilang modelo ng dulang nasusulat sa wikang Latin.<br><br>Marcus Tullius Cicero, o kilala din sa pangalang Tully ay isang Romanong estadista, abogado, iskolar, at manunulat na nagnanais pagtibayin ang mga prinsipyong republikano sa panahong laganap ang kaguluhan sa Roma. |

| | |
|---|---|
| Inhenyeriya<br><br>at Arkitektura | Ang mga Romano ay naging tanyag sa paggawa ng mga lansangan tulad ng Appian Way na ipinagawa ni Appius Claudies Caecus noong 312 BCE. Mayroon itong kabuuang haba na 370 kilometro. Gayundin ang mga aqueduct o daluyan ng tubig papunta sa mga pampublikong paliguan o baths at iba pang gusali.<br><br>Nakilala din sila sa mga natatanging disenyo ng mga gusali tulad ng Pantheon na ginamitan ng mga bubong na pabilog o dome at Colisseum kung saan idinaraos ang labanan ng mga gladiator. |
| Pananamit | Ang mga Romano ay may mga kasuotang tinatawag na tunic, toga at stola. |

## Kontribusyon ng mga Kabihasnan sa Kontinente ng Africa

Sinaunang Ghana (400 CE – 1235)

- 1076 subalit hindi na nanumbalik ang sigla at kapangyarihan ng kaharian.

Mali (1235-1468)

- Ang Mali ay isang lalawigan ng sinaunang kaharian ng Ghana. Pinamunuan ito ni Sundiata at nag-aklas sa hari noong 1235 matapos paslangin ang 11 niyang kapatid.
- Napasakamay niya ang mga minahan ng ginto at asin.
- *Mansa* ang tawag sa kanilang hari at ginamit ito ng kanyang pamangkin na si Mansa Musa noong 1307. Islam ang pangunahing relihiyon ng imperyo.
- Ang gintong *Guinea* ay ginagamit bilang mga barya sa Italya. Ang ibig sabihin ng *Guinea* ay "Kanlurang Africa". Nangyari ito dahil ang Imperyo ng Mali ang nagsusuplay ng ginto sa Europa.
- Ang lungsod ng Timbuktu ang sentrong kultural ng imperyo. Nagtutungo dito ang mga iskolar na Muslim upang mag-aral sa nakapalaking silid- aklatan.
- Arabic ang kanilang ginagamit sa pagsasalita at pagsulat.
- Ang tanyag na manlalakbay na si Ibn Batuta ay nagtungo dito noong 1352 at  napansin niya na ang kaayusan sa imperyo. Kahit mga Muslim, hindi itinatago ang mga babae sa publiko at hindi kinakailangang sundin ang kanilang mga asawa. Nakatagpo din siya ng mga babaeng nakapag-aral.

Songhai (1468-1590)

- Ang Imperyo ng Songhai ang pumalit sa Mali nang mamatay si Mansa Musa. Noong 1468, si Sonni Ali, ang hari ng Songhai sinalakay at sinakop ang Timbuktu.
- Ang mapaniil na pamumuno Sonni Ali ay pinalitan ni Askia Mohammad. Ipinatupad niya ang maayos na sistema ng pagbubuwis at komunikasyon sa mga lalawigan.
- Maituturing na pinaka organisado at pinakamahusay ang Songhai sa mga kahariang umusbong sa Kanlurang Africa.

May isang napaka makapangyarihang kaharian ang umusbong sa Ethiopia (Silangang Africa) mula 500 BCE hanggang 600 CE. Nakilala ito sa pangalang Axum. Marami itong nasakop na mga kaharian kasama na ang Kush. Mayroon itong sariling gintong barya at nasusulat na wika. Pinaniniwalaan na ang kahariang ito ang pinagmulan ng Reyna ng Sheba na bumisita kay Haring Solomon noong 900 BCE.

## Kontribusyon ng Kabihasnang Mesoamerica at South America

**Mga Kabihasnan sa America**

Ang kabihasnang America ay nahahati sa dalawang bahagi: ang Mesoamerica at South America. Tatlong kabihasnan ang umusbong dito ang Kabihasnang Maya, Inca, at Aztec. Alamin natin ang mga pamana ng mga kabihasnang ito at kung bakit nakilala sila sa daigdig.

| | |
|---|---|
| **Maya** | • Nagpatayo sila ng mga templo na kahugis ng mga pyramid sa Egypt. Subalit ang kanilang disenyo ay kaiba sapagkat mayroon itong mahabang hagdan at templong silid na hugis parisukat sa tuktok nito. Halimbawa nito ang *Temple of Inscriptions*, *Temple of the Warriors* at *Temple of Darkness*.<br>• Marami din silang kaalaman pagdating sa Astronomiya at Matematika. May kaalaman na sila tungkol sa mga planeta, paggalaw ng buwan at kaya nilang mahulaan ang *lunar* at *solar eclipse*. Mayroon silang kalendaryo na may 365 na araw sa isang taon, nahahati sa 18 na yugto na may 20 araw bawat isa at may pasobrang 5 araw sa huling bahagi ng taon. Ang Mayan Calendar (580 BCE) ang isang patunay na mayroon silang kaalaman sa pagbilang ng araw sa loob ng 2,000 taon. Sinasabing naimbento rin nila ang simbolo ng zero “0” at ginamit ang sistemang vigesimal o pagbilang ng tig-dalawampu. |

| | |
|---|---|
| **Maya** | • Mayroon din silang sistema ng pagsulat sa pamamagitan ng larawan o *pictograph*. Nagsusulat sila sa mga bato at papel mula sa halamang *maguey*. Nag-aaral ang mga kabataan sa mga templo at ang mga pari ang nagsisilbing guro.<br>• Polytheistic o marami ang kanilang sinasambang diyos na tinatayang aabot sa libo. Si Chac, ang diyos ng ulan ang kanilang paborito. Hindi katulad ng mga Aztec, ang mga Maya ay hindi nag-aalay ng tao para sa kanilang mga diyos.<br>• Maize (mais) ang kanilang pangunahing pagkain at nagtatanim din sila ng sili, beans, patatas, cacao, at kalabasa.<br>• Naglalaro sila ng *pok-ta-pok* o kahawig ng kasalukuyang *basketball*. |

| | |
|---|---|
| **Aztec** | • Mayroon din silang mga templo na hugis pyramid. Halimbawa nito ang *Pyramid of the Sun* na tinatayang ipinatayo noong 31 BCE.<br>• Nang itinatag nila ang Tenochtitlan sa Lawa ng Texcoco noong 1325, inalis nila ang tubig mula sa ilang bahagi ng lawa at nagtayo sila ng tatlong daluyang bato o nahahawig sa kanal upang mag- ugnay ito sa iba pang bahagi ng lungsod.<br>• Maituturing na mataas din ang kabihasnan ng mga Aztec dahil sa kanilang kagalingan sa arkitektura, pagmimina, paggawa ng mga bagay mula sa ginto at pilak, paggawa ng palayok, at paghahabi.<br>• Kilala rin sila sa paggamit ng mga balahibo ng ibon.<br>• Mayroon silang mga palamuti sa katawan na yari sa ginto, pilak at *jade* na itinuring nilang pinakamahalaga kaysa sa naunang dalawa.<br>• Mayroon silang organisadong pamhalaan at nagpapatupad ng mahigpit na batas.<br>• Marunong din sila sa Astronomiya at Matematika. Patunay ditto ang Stone Calendar na sinasabing ginagamit noong 1479 hanggang 1521.<br>• Si Huitzilopochtli ang kanilang pangunahing diyos na palaging humihingi ng alay na tao. Ang iba pa nilang mga diyos ay sina Centeotl (diyosa ng pagsasaka), Tlaloc (diyos ng ulan), at si Xochiquetzal (diyosa ng mga bulaklak).<br>• Paborito nilang inumun ang *pulgue*, isang alak mula sa halamang *maguey*. Nagtatanim din sila ng tabako at cacao na ginagawang *chocolate* o tsokolate. |

| | |
|---|---|
| **Inca** | • May malawak din silang kaalaman pagdating sa paggawa ng mga templo, pyramid, at moog. Isang halimbawa ng kanilang pamayanan at ang Machu Picchu na matatagpuan sa mataas na bahagi ng bulubundukin ng Andes.<br>• Sinasamba nila ang araw kung kaya't tinatawag nila ang kanilang mga sarili bilang "Mga Anak ng Araw" at kinikilala nila ang kanilang emperador bilang pinuno at diyos.<br>• Mayroon silang kaalaman sa paggamit ng *sun dial* o orasan na ginagamitan ng sikat ng araw.<br>• Pagsasaka ang kanilang pangunahing kabuhayan. Marunong silang gumamit ng mga pataba sa pananim, sistema ng irigasyon tulad ng dike at aqueduct, at hagdan-handang taniman sa gilid ng bundok. Nag-aalaga din sila ng mga hayop tulad ng alpaca at llama.<br>• Pinapairal nila ang sosyalismo sa buong kaharian. Pinapangasiwaan ng pamahalaan ang buhay ng mga tao at lahat ng industriya. Namamahagi ng lupain ang pamahalaan sa mga tao, nagbibigay ng mga binhi, pataba, at bulak sa manghahabi. Ang lahat ng magagawang produkto ay hahatiin sa mga tao at pamahalaan.<br>• Mayroon silang sistema ng pagbilang na tinatawag na *quipus* o mga makukulay na tali na ibinubuhol nila kada araw na lilipas. |

## Kontribusyon ng mga Pulo sa Pacific

| | |
|---|---|
| **Polynesia** | Ang Polynesia na nangangahulugang "maraming mga pulo" ay matatagpuan sa gitna at timog na bahagi ng Pacific Ocean. Ito ay higit na malaki kaysa pinagsamang lupain ng Melanesia at Micronesia. Ang Polynesia ay binubuo ng labim-pitong pulo gaya ng New Zealand, Easter Island, Hawaii, Tuvalu, Wallis at Futuna, Tonga, Tokelau, Samoa, American Samoa, Niue, Cook Islands, French Polynesia, Austral Islands, Society Islands, Tuamotu, Marquesas, at Pitcairn.<br><br>**Ekonomiya:**<br>Ang pangunahing kabuhayan ng mga Polynesian ay pagsasaka at pangingisda. Nagtatanim sila ng taro o gabi, yam o ube, breadfruit, saging, tubo, at niyog. Nakakahuli rin sila ng tuna, hipon, octopus, at pating.<br><br>**Relihiyon:**<br>Pinapaniwalaan ng mga Polynesian ang banal na kapangyarihan o "mana" na nangangahulugang "bisa o lakas". Ang "mana" ay itinuturing na sagrado at maaaring matatagpuan sa gusali, bato, bangka at iba pang bagay. |

| | |
|---|---|
| **Polynesia** | **Pamamahala:**<br>Upang di mawala o mabawasan ang mana, may mga batas na sinusunod na tinatawag na tapu gaya ng sumusunod:<br><br>• bawal pumasok sa isang banal na lugar ang pangkaraniwang tao;<br>• hindi maaaring sumakay sa bangka ang kababaihan sapagkat malalapastangan niya ang bangka na may angking mana;<br>• ang mga lalaking naghahanda sa pakikipaglaban o para sa isang mapanganib na gawain ay dapat nakabukod; at<br>• bawal silang makihalubilo sa babae at pili lang ang dapat kainin. |

| | |
|---|---|
| **Micronesia** | Ang Micronesia na kilala sa tawag na "maliliit na pulo" ay matatagpuan sa hilaga ng Melanesia at silangan ng Asya. Ito ay binubuo ng mga pulo ng Caroline Islands, Marianas Islands, Marshall Islands, Gilbert Islands (ngayon ay Kiribati), at Nauru.<br><br>**Pamayanan:**<br>Ang pamayanan ng mga Micronesian ay matatagpuan malapit sa mga lawa o dagat-dagatan na hindi gaanong tinatamaan ng bagyo o malalakas na hangin upang madali para sa mga tao ang lumabas at maglayag sa karagatan.<br><br>**Ekonomiya:**<br>Ang pangingisda at pagtatanim ng taro, breadfruit, niyog, at pandan ang pangunahing kabuhayan ng mga Micronesian.<br><br>Gumagawa naman ng simpleng palayok ang pamayanan sa mga pulo ng Marianas, Palau, at Yap.<br><br>Ang mga karatig-pulo ay nakikipagkalakalan sa isa't isa. Karaniwang gumagamit ang mga pulo ng Palau at Yap ng perang bato (stone money) at *shell* sa pagpapalitan ng produkto. Ipinagpapalit ng mga matataas na pulo (high-lying islands) ang turmeric o luyang-dilaw na ginagamit bilang gamot at pampaganda. Ang mga *low-lying* islands naman ay nakikipagpalitan ng *shell/bead*, banig na yari sa dahon ng pandan at magagaspang na tela na gawa sa saging, at gumamela. Ang telang ito ay ginagawang palda ng mga kababaihan at bahag ng mga kalalakihan.<br><br>**Relihiyon:**<br>Ang mga sinaunang Micronesian ay naniniwala sa animismo. Sumasamba sila sa mga bagay sa kanilang kapaligiran at ang unang ani ay iniaalay sa diyos. |

| | |
|---|---|
| **Melanesia** | Ang Melanesia ay tinaguriang "Lupain ng mga Maiitim" dahil ang mga mamamayan dito ay pawang maiitim. Ito ay matatagpuan sa hilaga at silangang baybaying-dagat ng Australia. Sa kasalukuyan, ang Melanesia ay binubuo ng New Guinea, Bismarck Archipelago, Papua New Guinea, Solomon Islands, Vanuatu (dating New Hebrides), New Caledonia, at Fiji Islands.<br><br>**Pamayanan:**<br>Ang pamayanang Melanesian ay matatagpuan sa mga baybaying- dagat. Pinamumunuan ito ng mga mandirigma na pinili batay sa katapangan, karahasan, paghihiganti, at karangalan.<br><br>**Ekonomiya:**<br>Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga Melanesian. Nagtatanim sila ng taro at yam, pandan, at sago. Nag-aalaga rin sila ng baboy at nangangaso ng mga *marsupial* at ibon. Nakikipagkalakalan sila sa mga karatig-pulo ng mga produktong palayok, kahoy, yam, asin, apog, at bangka.<br><br>**Relihiyon:**<br>Ang sinaunang Melanesian ay mga animismo. Naniniwala sila sa "mana" na laganap sa Solomon Islands at Vanuatu. Ang tagumpay sa labanan, sakuna, kamatayan o pag-unlad ng kabuhayan ay ipinababatid ng diyos ng kalikasan. |



# *Pagyamanin*

**Gawain 4: Kaban-Yaman**
**Panuto:** Bawat kabihasnan ay may naitagong kaban ng yaman na naging pamana sa kasalukuyan.
Ibigay ang mga naiambag ng sumusunod na kabihasnan.
Isulat ito sa sagutang papel.

| **Kabihasnang Klasiko** | **Larangan** | |
|---|---|---|
| | **Agrikultura** | **Pulitika** |
| Greece | | |
| Rome | | |
| Africa | | |
| America | | |
| Mga Pulo sa Pasipiko | | |


**Gawain 5: Isip-Sulat**

**Panuto:** Isipin at isulat ang mga pangunahing ambag ng mga kabihasnan sa Mesoamerica at South America.
Isulat ito sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Maya | |
| Inca | |
| Aztec | |

**Gawain 6: Pulo-Pulutung**

**Panuto:** Bawat pulo sa Pacific ay may natatanging yaman. Magbigay ng mga kontribusyon mula sa Polynesia, Micronesia, at Melanesia batay sa inyong gustong larangan.
Gawin ito sa sagutang papel.






# *Isaisip*


**Gawain 7: Dugtungan Ito!**

**Panuto:** Dugtungan ang mga parirala upang makabuo ng isang pangungusap.
Isulat ito sa sagutang papel.

1. Natutunan ko sa araling ito na mahalaga ang mga kontribusyon ng kabihasnang klasiko dahil ________________________________________________
________________________________________________

2. Mailalarawan ko ang kabihasnang klasiko bilang
____________________________________________________________
____________________________________________________________

3. Ang mga pamana at kontribusyon ng bawat klasikong kabihasnan ay patunay na
____________________________________________________________
____________________________________________________________



# *Isagawa*

**Gawain 8: Pamana-Pahalagahan**

**Panuto:** Gumawa ng isang Slogan tungkol sa pamana at kontribusyon ng kabihasnang klasiko sa pandaigdigang kamalayan. Gawing malikhain ang pagkagawa ng inyong slogan. Isulat sa 1/4 illustration board.

**Rubrik sa Pagmamarka ng Slogan**

| **Pamantayan** | **Mahusay**<br>**5** | **Katamtaman**<br>**4** | **Nangangailangan ng Pagsasanay**<br>**3** | **Nakuhang Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Hindi gaanong naipakita ang mensahe. | Walang koneksiyon sa paksa ang mesaheng naipakita. | |
| Pagkamalikhain | Napakaganda at napakalinaw ang pagkakasulat | Maganda at malinaw ang pagkakasulat | Di maganda at malabo ang pagkakasulat | |
| Kaugnayan | May malaking kaugnayan sa paksa. | Hindi gaanong naiugnay sa paksa. | Walang kaugnayan sa paksa. | |
| Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkabuo. | Malinis ang pagkabuo. | Hindi malinis ang pagkabuo. | |
| | | | **Kabuuang Puntos** | |

# *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Sinong pilosopo ang may akda ng "The Republic" na nagsilbing batayan ng pamahalaang Romano?
   A. Aristotle C. Socrates
   B. Plato D. Thucydides

2. Alin sa sumusunod ang tinaguriang isa sa mga tanyag na arkitektura ng bansang Roma?
   A. Colosseum C. Doric
   B. Corinthian D. Parthenon

3. Anong produkto sa Africa ang kasing halaga ng ginto na ginagamit sa pagpreserba ng pagkain?
   A. Asin C. Ivory
   B. Asukal D. Suka

4. Ano ang tawag sa "Diyos ng Araw" ng mga Aztec?
   A. Apollo C. Kulkulan
   B. Huitzilopoc D. Tuwa-tuwa

5. Bakit mahalaga ang kabihasnan na umusbong sa Mesoamerica?
   A. Naging sikat ang Mesoamerica sa iisang larangan
   B. Maraming tumatak na pamanang Maya, Inca at Aztec
   C. Hindi naging madali noon ang buhay ng sinaunang tao
   D. Bukod tangi ang mga kontribusyon ng taga South America.

6. Sino sa sumusunod ang binansagang dakilang historyador ng sinaunang Greece?
   A. Aristotle C. Thucydides
   B. Herodotus D. Xenophon

7. Alin sa sumusunod ang ambag ng Greece sa larangan ng arkitektura?
   A. Appian Way C. Colosseum
   B. Aqueduct D. Parthenon

8. Sinong mananalaysay ang may-akda ng tanyag na epikong "Iliad at Odyssey"?
   A. Aristotle C. Plato
   B. Homer D. Thales

9. Paano nakatulong ang heograpikal na lokasyon ng kahariang Mali at Songhai sa pag-unlad nito?
   A. Anyong-tubig na nakapalibot ay nakatulong sa pagsasaka.
   B. Tagapamagitan ng kalakalan ng ginto, asin, at iba pang produkto.
   C. Naging proteksiyon ang malawak na disyerto ng Sahara sa imperyo.
   D. Ang lokasyon ay nakatulong para labanan ang banta ng mananakop.

10. Bakit tinawag ng mga Kanluranin ang Africa na "dark continent"?
   A. Hindi nasisikatan ng araw ang kabuuan ng Africa.
   B. Itim ang kulay ng balat ng mga taong naninirahan dito.
   C. Nababalutan ang buong kontinente ng misteryo at kababalaghan.
   D. Matatagpuan dito ang malaking bahagi ng disyerto na may buhanging kulay itim.

11. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing kabuhayan ng mga sinaunang tao sa Pasipiko?
   A. Pagmimina at pagtotroso
   B. Pagsasaka at pangingisda
   C. Pagtitinda at pangangalakal
   D. Paghahabi at paggawa ng palamuti

12. Bakit hinahangaan ang sinaunang kabihasnang Greece sa larangan ng arketiktura?
   A. Dahil mataas ang pamumuhay ng mga taga-Greece.
   B. Dahil makikita hanggang sa kasalukuyan ang kanilang kabihasnan
   C. Dahil nakapagtatag ng pamayanan sa kabila ng mga hamon sa kapaligiran.
   D. Dahil nakagawa ito ng kamangha-manghang estraktura tuladng Parthenon.

13. Anong kabihasnan ang naging makapangyarihan dahil sa kalakalan ng diyamante at ginto?
   A. Kabihasnang Africa
   B. Kabihasnang Mesoamerica
   C. Kabihasnang South America
   D. Kabihasnan ng mga Pulo sa Pasipiko

14. Alin sa sumusunod ang may pinakamaraming pulo?
   A. Austronesia C. Micronesia
   B. Melanesia D. Polynesia

15. Aling pangkat ang nagtaguyod ng kabihasnan sa Mesoamerica ang nasakop ng mga Espanyol?
   A. Aztec C. Maya
   B. Inca D. Olmec

# *Karagdagang Gawain*

**Gawain 9: Makabuluhang Sanaysay**

**Panuto:** Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa sitwasyon ng agrikultura at ihalintudad ito sa kalagayan ng mga magsasaka sa ating bansa. Isulat sa sagutang papel.

**Rubrik sa Pagmamarka ng Sanaysay**

| **Kategorya** | **Kahanga-hanga (5)** | **Mahusay (4)** | **Katamtaman (3)** | **Pagsasanay ay kailangan (2)** | **Walang Napatunayan (1)** | **Iskor** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Introduksyon | Ang introduksiyon ay mapanghikayat at malinaw ang pagkalahad ng pagnunahing paksa. | Nakalahad sa introduksyon ang pangunahing paksa | Hindi sapat ang pagpapaliwanag ng pangunahing paksa sa introduksiyon. | Hindi nailahad sa introduksiyon at ang pangunahing paksa | Walang naisulat na sanaysay | |
| Organisasyon ng mga Ideya | Mahusay, maayos, at lohikal ang pagkasunod-sunod ng mga ideya. | Makikita ang mahusay na pagkasunod-sunod ng ideya ngunit hindi maayos ang pagkalahad nito. | May mga ideya na hindi ganap ang pagkasunod-sunod. | Malayo sa paksa ang ideyang ipinahayag. | Walang naisulat na sanaysay | |
| Konklusiyon | Nagsasaad ng mapanghamong konklusiyon at nagpapakita ng pangkalahatang paksa batay sa katwiran katibayang inilahad sa gitna ng diskusiyon. | Naipakikita ang pangkalahatang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna. | Hindi ganap na naipakita ang pangkalahatang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna | May kakulangan at walang pokus ang konklusyon | Walang naisulat na sanaysay | |
| Mekaniks | Malinis at walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Maraming pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Magulo at maraming pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Walang naisulat na sanaysay | |
| | | | | | Kabuuang Puntos | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. B | 11. B |
| 2. D | 7. D | 12. B |
| 3. B | 8. A | 13. A |
| 4. D | 9. D | 14. B |
| 5. B | 10. B | 15. B |

**Balikan**
**Gawain 1: Ang Aking Masasabi**

| **Aspeto** | **Africa** | **America** | **Mga Pulo sa Pacific** |
|---|---|---|---|
| Pamumuhay | Pagsasaka | Pagsasaka | Pagtatanim |
| Paniniwala | Animismo | Animismo | Animismo |
| Heograpiya | Napaliligiran ng tubig | Mabato at may malalaking lambak ng ilog | Napaliligiran ng tubig dagat |

**Tuklasin**
**Gawain 2: Pasyal – pasyal Muna**

| **Oceania** | **Africa** | **South America** | **North America** |
|---|---|---|---|
| Fiji | Ghana | Guatemala | Mexico |
| Solomon Islands | Morocco | Argentina | Colombia |
| Crock Islands | Sudan | Venezuela | |
| Kiribati | Kenya | Chile | |
| | Mali | | |

Kung ikaw ay mabigyan ng pagkakataon na makapaglakbay sa isa sa mga bansang nabaggit sa itaas, anong bansa ang nais mong puntahan at bakit?

Halimbawa: MEXICO dahil gusto kong bisitahin ang Mexico City Metropolitan Cathedral

**Tuklasin**
**Gawain 3: Hula-bira**

1. Hippocrates
2. Herodotus
3. Cicero
4. Aristotle
5. Plato
6. Socrates

**Gawain 4: Kaban-Yaman**

| Kabihasnang Klasiko | Larangan | |
|---|---|---|
| | **Agrikultura** | **Pulitika** |
| Greece | Mga templo na gawa mula sa marmol karaniwang kulay puti. | Sa panahon ni Pericles umiral demokrasya. |
| Rome | Karamihan sa mga Romano ay magsasaka. Ang kanilang itinatanim ay barley, trigo, gulay at prutas. | Ang Twelve Tables ang kauna-unahang batas sa Rome na nagbigay ng pantay na karapatan sa Plebeain (mahihirap) at (Patrician (mayayaman). |
| Africa | Ang Axum ang sentro ng kalakalan sa Hilagang Africa. Ang mga pangunahing produktong kinakalakal dito ay ang mga elepante, ivory (ngipin at pangil ng elepante), sungay ng rhinoceros, pabango, pampalasa at mga rekado. | Ang apartheid ay ang patakaran ng segregasyon o paghihiwalay ng mga puting tao at taong itim o negro sa Timog Aprika. Mas nabibigyan ng kapangyarihan at pabor ang mga taong may puting balat kaysa sa maiitim o itim na kulay ng balat. Nang dahil rin dito ay ang mga taong puti ang namumuno sa kanila at humahawak ng tanggapang pampolitika kahit na taong itim ang nakararami sa bansang ito. MAy mga batas na nagpanatili sa paghihiwalay ng mga lahi ngunit ito ay nabuwag noong 1994. |
| America | Gumawa sila ng *chinampas*, isang nakalutang na hardin mula sa mga tinambak na lupa sa gitna ng ilog. Nagtanim sila sa mga malalambot na lupa gamit ang mga matutulis na kahoy bilang pambungkal. Ilan sa kanilang mga pananim ay mais, patani, kalabasa, abokado, sili at kamatis. Nag-aalaga sila ng mga hayop tulad ng aso, gansa, at pabo. | 1438, itinatag ni Cusi Inca Yupagqui o Pachakuti ang lipunang Inca sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang sentralisadong estado.<br><br>Sa pamumuno ni Topa Yupamqui (1471-1493) napalawig ang imperyong Inca hanggang hilagang Argentina na bahagi ngayon ng Bolivia at Chile. Nasakop niya ang Chimor or Chimu sa baybayin ng Peru. |
| Mga Pulo sa Pasipiko | Pagsasaka ang pangunahinh ikinabubuhay ng mga Melanesian. Nagtatanim sila ng taro at yam, pandan at sago na pinagkukunan ng sago. Nag-aalaga rin sila ng baboy at nangangaso ng mga marsupial at ibon. Nakikipagkalakalan sila sa mga karatig-pulo ng mga produktong palayok, kahoy, yam, asin, apog at bangka. | Pinamumunuan ito ng mga mandirigma na pinili batay sa katapangan, karahasan, paghihiganti at karangalan. |

**Isaisip**
**Gawain 7: Dugtungan Ito!**

1. Natutunan ko sa araling ito na mahalaga ang mga kontribusyon <u>dahil sa pamamagitan ito may namana ang ating mga ninuno.</u>

2. Mailalarawan ko ang kabihasnang klasiko bilang <u>pamana ng sinaunang tao sa kasalukuyang pamayanan.</u>

3. Ang mga pamana at kontribusyon ng bawat klasikong kabihasnan ay patunay kung anong mayroon tayo ngayon ay bunga ng pagsisikap ng mga sinaunang sibilisayon. M<u>araming mga katangiang mayroon ang bawat mamayanan sa kani-kanilang lugar na napakinabang at pinaunlad ng mga tao ngayon.</u>

**Gawain 6: Pulo-Pulutung!**

| **Larangan** | **MGA PULO SA PACIFIC** | | |
|---|---|---|---|
| | **POLYNESIA** | **MICRONESIA** | **MELANESIA** |
| Ekonomiya | Ang pangunahing kabuhayan ng mga Polynesian ay pagsaaka at pangingisda. Nagtatanim sila ng taro o gabi, yam o ube, breadfruit, saging, tubo at niyog. Nakakahuli rin sila ng isda, hipon, pugita at pating. | Ang pangingisda at pagtatanim ng gabi, breadfruit, niyog at pandan ang pangunahing kabuhayan ng mga Micronesian. Gumagawa naman ng simpleng palayok ang pamayanan sa mga pulo ng Marianas, Palau at Yap. | Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga Melanesian. Nagtatanim sila ng gabi, ube, pandan at sago na pinagkukunan ng sago. Nag-aalaga rin sila ng baboy at nangangaso ng mga marsupial at ibon. Nakikipagkalakalan sila sa mga karatigpulo ng mga produktong palayok, kahoy, ube, asin, apog, at bangka. |

**Gawain 5: Isip-Sulat**

| | |
|---|---|
| Maya | 1. *Heiroglyphics*<br>2. Matematika<br>3. Pagsasaka |
| Inca | 1. Templo<br>2. Pamahalaan |
| Aztec | 1. Mahahabang daan na gawa sa bato<br>2. Machu Pichu<br>3. *Freeze-drying* |

**Karagdagang Gawain**
**Gawain 8 – Makabuluhang Sanaysay**

**Maaring magkakaiba-iba ang bawat sanaysay na nagawa ng mag-aaral. Gawing gabay ang ibinigay na rubrik para sa pagbibigay marka.*

**Tayahin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. B | 11. B |
| 2. A | 7. D | 12. D |
| 3. A | 8. B | 13. A |
| 4. B | 9. D | 14. D |
| 5. B | 10. B | 15. B |

**Isagawa**
**Gawain 8: Pamana Pahalagahan**

**Maaring magkakaiba-iba ang bawat slogan na nagawa ng mag-aaral. Gawing gabay ang ibinigay na rubrik para sa pagbibigay marka.*

# *Sanggunian*

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

DepEd. *Modyul ng Mag-aaral – Araling Panlipunan Kasaysayan ng Daigdig Grade 8.* Pahina 130-223.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph